Pagsusuri at paggamot sa COVID-19

Kahit na wala kang visa, o hindi sigurado tungkol sa katayuan ng iyong visa, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang mga gobyerno ng estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at paggamot sa COVID-19.

- Australian Capital Territory
- New South Wales
- Northern Territory
- Queensland
- South Australia
- Tasmania
- Victoria
- Western Australia

Pagbabakuna laban sa COVID-19

Bukas para sa lahat ng nasa Australia ang libreng bakuna laban sa COVID-19, kabilang ang lahat ng may-ari ng Australian visa na naninirahan sa komunidad.

Kabilang dito ang:

- lahat ng may-ari ng permanente at pansamantalang visa
- mga refugees
- mga naghahanap ng kanlungan
- mga may-ari ng temporary protection visa, at
- mga may-ari ng bridging visa.

Karapat-dapat ding makakuha ang mga taong naninirahan sa pasilidad ng detensyon.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa programa sa bakuna laban sa COVID-19, tingnan ang website ng Department of Health.